# Kubeta

NANCY KIMUELL-GABRIEL

Sensitibo ako sa usaping kubeta.

Kapag nakakapag-cr ako sa ibang bahay, buong paghanga kong tinititigan ang bawat bahagi nito. *Comfort room* o cr na ngayon ang tawag sa kubeta. O kaya, *toilet*. Laos na ang kubeta ni ang kasilyas, maski na ang banyo na halaw daw sa *cuarto de baño* ng mga Kastila. Lalong hindi na gaanong naririnig ang palikuran, batalan, paliguan at ang mga mananabe, pati ang kumón. May panahong usong-uso ang mga kategoryang ito, segun sa pook at grupo ng tao. May konteksto, kumbaga. At dahil nagbabago ang lahat ng bagay, nagbabanyuhay din ang mga salita at ekspresyon sa agos ng kasaysayan. CR na ang *in*, *out* na ang kubeta.

Unang tumatawag ng pansin ko ang maputi at masarap upuang *toilet bowl*. Trono ang tawag ng mga pinsan kong lalaki sa inodoro. Uupuan ko ito para ganap na masdan ang kabuuan ng kanilang toilet. Pagkatapos, tititigan ang bawat bahagi nito … malinis at tuyong *tiles*, makintab na lababo, nakahilerang gamit pangkatawan: sabong mabango, makukulay na bote ng shampu, *losyon*, *langis,* malalaki at matatabang toothpaste, at sari-saring panghugas ng maseselang parte ng katawan: *feminine wash (*panghugas *ng Va-J-J*, ayon sa pamangkin kong bakla)*, handwash, bodywash, mouthwash* at, *body scrub* (hindi na uso ang batong panghilod ngayon). May *scented candle* ang ilang cr, maliliit o nakasabit na halaman sa iba. Naroon din ang mga sepilyo, at dalawang klase ng pang-ahit, para sa babae't lalaki. Magagawi ang tingin ko sa *shower*, 'yung iba may heater, 'yung iba ay wala. May timba ang karamihan ng banyo, ang ilan ay may *bidet,* o shower ng puwit, sabi ng anak ko. Malimit maliwanag na puting ilaw o iyong uso ngayon na maliliit na *power-saver lamp* ang gamit sa cr. May nakasabit ding *air freshener* para mabango ang simoy sa loob. Madalas amoy kahel at pino ang pinipiling pabango sa mga banyo bago nauso ang lavander. Kalimitan may bintanilya, may *exhaust fan* ang iba. May mga cr akong napasok na may salaming humahati sa pagitan ng *shower*

at *toilet bowl.* May mga toilet na meron pang *swinging door* sa loob. Pero ang pinakanakakamangha kong nakitang cr ay 'nung mga 17 taong gulang ako, noong ako'y makiligo sa toilet nina Joyce, isang kaibigan sa Baguio. Ang cr nila ay kasinlaki na halos ng bahay namin sa Tundo!

Alam ng asawa kong si Fred kung bakit napakasensitibo ko sa toilet. Noong nagpapagawa kami ng sarili naming bahay sa taong 2002, pinamahalaan ko mismo ang pagpapagawa ng aming toilet. Araw-araw kong iniinspeksiyon ang trabaho dito. Iminumuwestra ko sa mason at tubero kung saan ilalagay ang toilet bowl. Inaasinta ko kung saan babagsak ang pinto, saan papatak ang shower, saan ipupuwesto ang lababo, kung ilang *floor drain* ang ilalagay. Ako ang bumibili ng materyales para sa toilet. Inuuna ko ang kulay at disenyo ng *tiles*. Pag maganda ang *tiles*, keri na ang buong cr. Tapos mamimili ako ng *toilet bowl*, dapat puting-puti. Susunod ang lababo, dapat katerno ng *bowl.*

Nang mayari ang toilet namin, walang pagsidlan ang aking kaligayahan. Kombinasyon ng krema at milokoton ang dingding. Parang ang hirap imadyinin kung ano ito, ang layo na natin sa panahon ng Kastila. Ang mas simpleng paglalarawan ay parang *ice cream flavour* ito na *peaches and cream.* Kulay-gatas at mas maputlang kulay-kahel. *Two-tone* ang usong tawag ngayon sa mga disenyong pinagsasama ang dalawang kulay. Peach sa kalahating ibaba at cream ang gawing itaas. Kulay-gatas din ang sahig. Puti ang lababo at toilet bowl. Nilagyan ko ng salaming tinawaran ko pa nang husto sa tindahan ng *Glass & Aluminum* na malapit sa amin. Pinilit ko rin si Fred na gumawa ng dalawang pirasong bubog na patungan para sa mga gamit namin sa banyo, isa sa itaas ng tangke ng toilet bowl, at ang isa pa'y sa pagitan ng salaminan at lababo. Hindi ako nagsasawang titigan ito. Lagi ko itong kinukuskos para laging malinis. Susubukan ko ulit mag*flush* ng toilet. *Enjoy na enjoy* ako sa pagpa*flush* ng toilet bowl. Naiinis ako kapag nababasa ang sahig, isang pagkukulang sa disenyo ng cr namin. Nagagalit ako sa mga anak kong nakakalimot mag*flush* ng toilet. Naaasar ako kung pagdating ko mula sa trabaho ay may mga bakas ng tsinelas sa sahig. Kapag nagkabara sa toilet bowl, bibitawan ko ang lahat ng ginagawa ko para bombahin ito habang nagdadadakdak at pinapagalitan ang huling gumamit ng banyo. Bumibili ako at umuubos ng malalaking Clorox para iskobahin ang bawat pagitan ng mga tisa, ang lahat ng sulok na sinisingitan at pinamamahayan ng dumi. Hindi pwedeng dumumi ang kubeta namin!

Bakit ganito kahigpit ang pamantayan ko sa toilet? Tuwing napagkukuwentuhan namin ito ng pamilya ko, gagatungan ni Fred ang mga

bata para tanungin kung bakit napakasensitibo ko sa cr. Imadyin! Nangyayari ito sa mesa kung saan kami madalas nagkakasama-sama. Kahit nakaharap sa pagkain, ang pamilya ay walang hang-ups kung mag-usap sa *jebs*, pinagandang tawag sa tae para itago ang lahat ng karumihan nito. Natutuhan ko ang salitang jebs noong dekada 90, mula kay K, ang aking panganay. Kasi noong dekada 70 hanggang 80, ebak ang tanda kong tawag namin dito. Short cut daw ng ebakweyt, o pagpapaalis ng dumi sa katawan. Habang lumalaki ang mga anak ko, nahalata kong nagpepreno na ang bawat isa kapag nadadako sa usaping toilet ang paksa kung kami'y nasa harap ng pagkain. Madalas imumungkahi ni K ang ganito: "*cut it please?*" Si Yao naman hihirit ng "*change topic okay?*" o kaya makikipag-unahan si Yos ng "*stop stop stop!*" kapag nagagawi sa usaping jebs ang kuwentuhan.

Pero mahahalata nila na may kung anong nasasaling sa akin kapag dumako ang kuwentuhan sa karanasan namin ng pangungubeta noong nakatira pa kami sa Tundo. Sasabihin ni K, "*magwawatir-watir na naman ang mga eyes ni mader*."

## Batang-kubeta ang tawag sa amin

Kung pinagtiyap man ng pagkakataon, KUBETA ang tawag sa loobang nilakihan ko sa Tundo. Batang-Kubeta naman ang tawag sa mga tagaroon, isang identipikasyong lalong ikinakabit sa mga napapasubo sa gulo o kaya sa koponan ng basketbol na nanggagaling sa aming looban. Ito na tuloy ang makakagawiang tawag sa mga tagalooban ng mga tagalabas. Ipinanganak ako noong dekada 60, uso pa noon ang mga *public toilet*, lalong kilala noon bilang mga palikurang-bayan. Hindi lahat ng bahay ay may sariling cr kagaya ngayon. Ilandaang pamilya ang pwedeng gumamit ng kubeta depende kung saan ito nakatirik.

Lumaki ako sa looban ng Kalye Benita sa Gagalangin na namamalayang kaya pala ito tinawag na Kubeta ay dahil sa kubetang nakatayo sa dati naming lupa na naagaw ng iba dahil hindi nahulugan ng ina ko ang buwanang amortisasyon. Ang kubetang ito ay bukas para sa lahat. Pero hindi ko ito napasok kailanman. Gayunman, dito hinango ang bansag sa aming mga tagalooban, "taga-Kubeta" 'yan. Maririnig ito mula sa tagalabas ng looban para tukuyin ang mga taong nakatira malapit sa palikurang-bayan na ito. Dito nagaganap ang maraming aktibidad sa looban. Dahil naririto rin ang nag-iisang poso na libre para sa lahat, dito naglalaba ang mga inang walang humpay na nagtsitismisan. Dito sa paligid ng poso naliligo ang maraming

kalalakihan at kabataan. Kapag walang naglalaba halimbawa sa araw ng Pasko at piyesta, dito na rin sa harap ng kubeta ginaganap ang programa at mga palaro. Ito na rin ang paboritong tambayan ng magkakasintahan sa gabi.

Hindi ko nagawang mangubeta dito dahil mayroon kaming "sariling" kubeta. Umuupa kami sa ikalawang palapag ng bahay ng mga Lola Danding ko at kanila ang kubetang ginagamit namin. Uso pa noon ang paninirahan sa mga tinatawag na *entresuelo.* Ang buong bahay ni Lola Danding ay hinati sa apat. Kaniya ang isang bahagi sa itaas, ang tatlong bahagi ay pinauupahan sa tatlong pamilya. Kaya apat na pamilya ang gumagamit ng isang kubeta. Noong una, doon kami nakapuwesto sa ilalim ng bahay ni Lola Danding at nagtitinda kami ng mga lutong ulam. Pero noong gusto na ni Lola Danding na magbukas sila ng sari-sari store, pinalipat nila kami sa itaas. Nawalan kami ng isang magandang hanapbuhay. Lima kaming magkakapatid, madalas wala ang tatay ko dahil isa siyang seaman noon. Kung hindi siya sumasakay sa barko, nagmamaneho naman siya ng dyip.

Elementarya ako noon. Noong una, nagagawa ko pang pumasok sa kubeta. Pero pikit-mata at dahil taing-tae na lang ako. Lagi kong pinaaabot sa ganito ang kundisyon ko para itulak ang sarili sa kalagayang *"no choice"* at mapilitan akong pumasok. Bakit hindi? Ang bawat pagpasok sa kubetang ito ay nakapandidiri at kasuklam-suklam na karanasan para sa akin.

Sa labas ng kubeta ay may poso kami. Magbobomba muna para sumalok ng tubig sa timba at iyon ang dadalhin sa loob ng kubeta. Hindi pa ito tinatawag na cr o toilet noon. Kasilyas ang isa pang naririnig kong tawag ng Lola Panchang, ang lola ko sa ina. Maghipag si Lola Panchang at Lola Danding. Hindi rin kami basta makakapasok sa loob, dahil nakasusi ang kubeta. Hihiramin muna ang susi kay Lola Danding kung nais gamitin ang kubeta. Sa ganitong kundisyon ng paggamit, aakalain mong maayos ang kalagayan ng kubetang ito. Pero huwag ka, sobrang baho at nakakapanindig-balahibo ang imaheng di-mapuknat-puknat sa isip ko hanggang ngayon. Isang imaheng pilit kong iwinawaksi sa aking gunita pero habang pinipilit kong kalimutan ay lalo ko lamang naaalala.

Ang dingding ng kubeta ay kumbinasyon ng yero sa bahaging ibaba at maninipis na kahoy na kung tawagin ay sawali. Dahil luma na ang kubetang ito, butas-butas na rin ang dingding na may silbi rin kahit paano dahil nakakapasok ang liwanag kahit babahagya. Walang ilaw sa kubeta kaya kailangan, may dala ring kandila lalo na sa gabi. Ang sahig ay sementado at

magaspang, may dalawang umbok na daraanan bago marating ang inodorong kulay semento din.

Punum-puno ng tae ang inodoro. Umaapaw … humahalik sa pinakailalim ng labi ng inodorong hindi na nga lang makapagreklamo. Kung minsan ang itsura ng tae dito ay parang pinong malapot na tsokolate. Kung minsan, parang kare-kareng may buo-buong bituka at laman. Kung minsan, parang bopis—hindi pino pero parang tinadtad. Kung minsan, tuyo na parang salansan ng morkon ang itsura, lalo na kung hindi nabuhusan nang maayos. Kung minsan, naabutan ko itong kalahati lang ng bowl ang taas. Pero hindi ko kailanman ito naabutang walang laman o malatubig ang laman. Natatawa nga ako palagi kapag naaalala ko ang sinabi ng aking yumaong biyenan, si Inang, na nakaranas ding mangubeta rito, siguro ng dalawang beses, noong ako'y bagong panganak kay K at siya'y dumalaw sa amin. Hindi kasi agad kami nakabukod ni Fred. Sabi ni Inang, "bakit ganon ang kubeta n'yo? Aba'y parang gusto ko munang sandukin ang laman n'un bago ako tumae." Hiyang-hiya ako kay Inang.

Pero mas hiyang-hiya ako sa aking sarili. Naisip kong nakapag-asawa agad ako nang hindi man lang nakapagpagawa ng maayos na kubeta para sa pamilya ko. Inabutan pa tuloy ng biyenan ko ang kubeta ni Lola Danding.

Hindi ko rin malimutan ang pinsan kong si Alejandro sa kubetang ito. Sila Alejandro ang umuupa sa isa pang bahagi ng bahay sa ibaba, kanugnog namin. Isang gabi, sumakit ang tiyan ni Alejandro at kumaripas siya ng takbo sa kubeta. Walang ibang dala kundi dyaryo. Mahuhulaan kung anong eksenang inabutan namin sa kubeta. Hindi siya umabot sa inodoro. Dahil madilim, nilente namin si Alejandro sa nakabukas na pinto ng kubeta at nagimbal sa nakita: nakaiskwat siya habang nasa ilalim nya ang isang tumpok na bulateng mistulang ispagheti! Pawis-pawisan ang pinsan ko. Napakalala ng impeksiyon niya sa bulate at hindi ko maubos maisip na puwede palang magkaroon nang ganong karaming bulate sa loob ng katawan.

Kapag umuulan, kailangan mo ring magpayong sa loob ng kasilyas dahil umaanggi. Kapag bumabaha, kailangan ding lumusong muna sa maruming tubig ng looban bago marating ang kubeta. Mga 15 metro din ang layo ng unahang pinto namin sa kubetang iyon. Kung sa likod-bahay naman dadaan, bababa lamang ng hagdan pero daraan sa harap ng kadikit na kuwartong inuupahan ng ibang pamilya sa itaas ng bahay ni Lola Danding. Nakakaasiwa rin ang kisame ng kubeta dahil sahig naman ito nina Aling Nelda, ang

umuupa sa bahay na kasunod ng bahay ni Lola Danding. Nasa silong nila ang kubeta. Palagi ka tuloy maniningala dahil sa pag-aalalang baka nasisilipan ka rin ng kung sino. Sa pagdaan ng panahon, hindi na isinususi ang kubeta. Anumang oras ay puwede nang gumamit nito, kahit sino, kahit paano.

Minsan, lumabas ang isang kapitbahay doon na may dalang maliit na garapon. Umiiyak at kinakausap nang mahina si Ninang Chit. Hindi ko halos marinig kung anong sinasabi niya pero dahil sa hindi sinasadyang nakita ko ang laman ng garapon, na tila maliit na bagay na nalulunod sa dugo, naghinala ako na baka may nahugot sa sinapupunan nang wala sa panahon. Hindi ako makapagtanong. Bawal daw kasing mag-usisa ang mga bata noon. Hindi rin puwedeng sumagot sa matatanda. Manatiling tikom ang bibig at saloobin na lamang kung ano ang nakita. Kaya sinagot ko na rin ang sarili kong tanong. Kasi siguro, marami na silang anak. Kasi, wala ang asawa niya … Kasi, tao lang siya. At marami pang kasi. Nawala sa looban ang kapitbahay naming iyon hanggang masantabi na rin sa gunita ko ang kabanatang ito.

Ang totoo, matagal ko nang hindi dinadalaw ang kubetang iyon. Hindi ko na kasi talaga masikmura. Noong naghay-iskul ako, nagresort ako sa dalawang teknik ng pangungubeta: ang pagbabalot sa diyaryo at paggamit sa kubeta ng iba.

Pagkatapos basahin ang diyaryo at komiks, nadiskubre kong maganda itong pamahid ng puwet at pambalot ng jebs. Dahil nahirati akong hindi dumudumi nang araw-araw, hindi ako gaanong nahirapan at katunaya'y naginhawahan pa nga sa bagong paraan ng pangungubeta. Nalaman ko din na hindi lang pala ako ang gumagawa ng ganito. Dahil sa kakulangan ng palikuran, maraming mamamayan noon ang tulad ko, nagbabalot ng jebs, isusupot sa plastic at ihahagis ko sa bakanteng lote ng likod-bahay namin sabay sigaw ng *"Geronimo!"* Flying saucer ang tawag ng iba rito. Ang iba naman, inilalagay ang balutan sa basurahan. Kaya pala ang baho ng mga basura sa looban. Kaya pala ang baho ng looban. Kaya pala ang daming langaw. Kaya pala ang daming nagkakasakit ng pagtatae, pagsusuka, disinterya, bulate, TB, at iba pang sakit na dala ng maruming kamay, katawan at kapaligiran. Unti unti na akong nagkakamalay sa sobrang kahirapan ng mga tao noon at ang kawalan ng kubeta ay isang karanasang napaka "dehumanizing" para sa mga mamamayan. Sa diretsahang salita, nakapanliliit ng pagkatao.

Minsan lang ako naki-jebs sa CR ng Yaya Belen kung tawagin namin. Hipag naman siya ng Yaya Pilang, ang tunay kong lola sa tatay. Nakahiwalay ang CR sa kaniyang bahay pero nasa loob pa rin ng compound nila. Simple

at malinis ang kubeta. De-buhos ang inidoro. Minsan, sumakit ang tiyan ko sa bahay nila Yaya Belen kaya ginamit ko ang kanilang kasilyas. Nagkataong walang tubig ang banga na kinukuhanan ng pambuhos. Nagpumilit si Yaya Belen na siya na ang magbubuhos sa toilet bowl, sa kabila ng matigas kong pagtanggi, at siyempre, siya ang nasunod. Pagkatapos, tinanong niya ako nang ganito "hindi ka araw-araw dumudumi, ano? Ang laki-laki ng tae mo." Hiyang-hiya na naman ako. Paano ko sasabihin na "opo, nagpipigil po talaga ako dahil …" Pero hindi ko na nagawang isatinig ang nasasaloob ko. Tumawa nang kaunti si Yaya Belen sabay sabing "araw-araw kang dudumi, baka magkasakit ka n'yan."

Kung minsan, pumupunta ako sa iba ko pang lola, kina Mamang. Tiyahin naman siya ng nanay ko na nasa ibang eskinita ng looban. Wala ring pintura ang sementado nilang kubeta pero higit na maayos, walang bara ang toilet bowl at may gripo na hindi tumitigil sa pagtulo kaya napapanatili itong malinis. Pero habang nagkakaisip, nangingibabaw din ang hiya. Hanggang kailan ako magpapaalam na makikigamit ng kubeta? Sa isang nagdadalagita, susungaw at susungaw ang hiya.

Noong naging kaklase at kabarkada ko si Edita sa hay-iskul, naging tambayan namin ang bahay nila kung kaya minsan, sumisimple din ako ng pagjebs sa toilet nila. Dahil babad ako sa eskuwela kaysa sa bahay, unti-unting nahalinhan ng malimit na gamit ng "CR" ang kubeta sa bokabularyo ko. "Det, pagamit ng CR" ang naaalala kong sinasabi lagi noon sa kaniya. Pero kahit minsan, hindi ko naikuwento sa mga kabarkada ko ang kalagayan ng kubeta namin. Nahihiya ako. O pinaksa ko man, sa mabilis, umiiling-iling at padismis na paraan. Hindi ko rin malimutan ang senaryo sa CR nila Cata, isa ko pang kabarkada sa hay-iskul, na minsan kong dinalaw at inabot na iniiskoba ang tiles sa banyo nila. Nakaupo si Cata, amoy-Clorox ang buong paligid. Nakatakip ng panyo ang ilong ni Cata na parang takip ng mga nanghoholdap ng bangko sa mga pelikula noon. Nagkukuwentuhan kami habang tuloy siya sa kaniyang ginagawang pagkuskos. Kahanga-hanga sa kaputian at kalinisan ang banyo nila. Sa loob-loob ko, ito ang isang kubetang puwedeng-puwedeng kainan.

## Ang problema ng kubeta sa agos ng pakikibaka

Bandang 1977 na nang magkaroon ako ng sistematikong pang-unawa sa kahirapan ng mamamayan. Third year hay-iskul kami sa Torres High School nang mapasama sa Student Catholic Action, makadalo sa mga *social awareness*

*seminar* at mapasama sa *immersion program.* Dahil malakas ang diwa ng pagtulong sa kapuwa, at nakakilala ng mga estudyante mula sa Arellano High School, nayayaya kami ng mga bagong kaibigang estudyante sa mga DGs (discussion groups) at teach-ins na tumatalakay sa mga problema ng lipunan. Napasama rin ako sa unang *blietzkrieg rally* o raling iglap sa harap ng UST na sa pagitan ng kabog ng dibdib at nginig ng tuhod ay buong lakas na sumigaw ng Marcos-Hitler-Diktador-Tuta ang mga may 50 estudyante mula sa iba't ibang unibersidad!

Nagtuloy-tuloy ang pagkamulat at paglahok naming magbabarkada sa tunay na kalagayan ng lipunan kaya pagdating ng 1978, kasama na kaming lumahok sa kampanya para sa eleksiyon sa Interim Batasang Pambansa. May *noise barrage* noon sa bisperas ng eleksiyon bilang tugon sa panawagan ni Ninoy Aquino (na tumakbo habang nakakulong) at bilang pahiwatig na nagmamatyag ang bayan laban sa dayaan. Nanalo nga si Imelda Marcos, talo si Ninoy at namayagpag sa mga presinto ang tiket ng KBL (Kilusang Bagong Lipunan) habang inilampaso naman ang LABAN (Lakas ng Bayan). Kahit hindi pa lubusang naiintindihan ang kabuuang sitwasyon ng lipunan, ang alam namin, nagkadayaan. Galit ang marami. Lalo na kaming magkakabarkada na sumama sa kampanya para kay Trining Herrera, Gerry Barican, at Alex Boncayao, mga kinatawan ng maralitang tagalunsod, progresibong propesyonal, at mga manggagawa noon. Natatandaan kong lagi din kaming nagpupunta sa bahay nina Ernesto Maceda sa Maceda St. at inaabot doon si Charito Planas na isa ring kandidato ng LABAN. Naroon ang mga polyetong ididistribyut. Doon din kami nagpapraktis ng *jingle* ng LABAN. At doon kami nagtatagpo-tagpo at kukuha ng mga tagubilin para sa gagawin sa araw-araw. Nasa kasagsagan kami ng inspirasyon noon at kasigasigan ng kabataan. Kahit hindi kumain ng tanghalian, ayos na sa amin ang sago at banana cue. Siempre, para sa akin, malaking pakinabang na may bago na naman akong cr.

At dahil napalaot na ako sa daigdig ng aktibismo mula noon, lumawak din ang network ng toilet ko: COD sa Cubao, Farmers' Plaza, SM branch sa Carriedo. Wala pang mga mall noon. Wala pang mga Jollibee o Chowking. Hindi pa uso ang *fastfood chain*. Natutuhan ko rin noong makiligo at maki-cr sa bahay ng mayayaman at *middle class* na kontak sa daloy ng gawaing pag-oorganisa para sa kilusang pambansa demokratiko. Ang daming bahay, seminar house, seminaryo, kumbento, dormitoryo, pribado at pampublikong opisina ang nagpapagamit ng espasyo nila noon para sa mga aktibistang katulad ko. Naresolba ang problema ko sa kubeta sa agos ng aking pakikibaka!

Tuloy-tuloy akong pumalaot sa kilusan at nang magkaroon ng pagkakataong makipamuhay sa mga pamilya ng minero sa Benguet Consolidated, natambad na naman sa akin ang panibagong sistema ng pangungubeta. Doon, komunal ang toilet. Walang mga toilet bowl. Sunod-sunod ang butas na nakahilera sa isang lugar. Uupo ka roon, at aanurin ng tubig ang mahuhulog na jebs sa ilalim ng butas. Magba-ba-bye ka sa sariling jebs at maghe-hello sa makikitang jebs ng iba na inaanod sa mahabang sementadong kanal.

Minsan, isang tag-init, nasa Kordilyera naman ako para makipamuhay sa mga Ibaloy. Wala rin akong ginamit na toilet. Kahit natatakot, natutuhan ko ring dumumi na may hawak na sinturon. Habang jumejebs, iwinawasiwas ko ang dala kong sinturon o patpat dahil sa mga lumalapit na aso o baboy-ramo. Ang buong karanasan ng pagjebs ay tila *action movie* na may *kasamang horror story*. Wala ring tubig. Suwerte na kung may natitira pang toilet paper. Pero sa tuwina, maaasahan ang diyaryo. Pag nalayo ka na nang ilang dipa, sisimutin na ng mga baboy ang iniwan mo doon na "pagkain."

Hindi nagtagal, bumalik ako sa UP para tapusin ang aking pag-aaral, humantong naman ako sa paggamit ng arinola kung maaabutan ako sa bahay. Pero hindi ko ganap na naiwasan ang kubeta ni Lola Danding. Kasi pagkatapos dumumi sa arinola, pupunta ka pa rin doon para itapon ang laman nito. At muli, kahit sa mga miminsang pagkakataon, pikit-mata at nagdudumaling idaraos ang nakakadiri at nakakasukang ritwal na ito.

Ang unang tunay na sarili at disenteng CR ay naipagawa naming mag-asawa para sa pamilya ko sa Tundo noong 1985. Nakikisunong kami noon at nasa unang taon ng aming pagsasama, ipinanganak ko si K, ang aking panganay. Sinikap naming mag-asawa na magtabi para sa proyektong ito dahil desidido kaming huwag nang ipatikim pa sa anak ang hirap na dinanas ng kaniyang mga magulang. Pinakasimple pero disente, at may tubig na kubetang may sukat lamang ng 1.2 x 1.5 metro kuwadrado. Ginawa namin ito sa lugar ng dating kusina sa ilalim na palapag ng aming bahay. Lumuwang na kasi ang epasyo. Naisipan na nila Lola Danding na umalis ng Tundo, lumipat ng Balara kaya naiwan sa amin ang "up and down" niyang bahay. Ang lumang kubeta ay naiwan naman sa dalawa pang pamilyang nangungupahan sa kaniyang bahay.

Hindi naglaon, umalis na din kaming mag-asawa sa Tundo. Nagturo ako sa UP at nakapangutang sa GSIS para makapagpatayo ng sariling bahay. Siyempre, ito ngayon ang kubetang ikinukuwento ko sa bungad ng aking

kuwento. Ang kubetang kinukuskos at pinapuputi ko dala ng mahaba at nakapandidiring karanasan ng kahirapan. Ang bawat kuskos ay tila malalakas na hambalos sa kahirapang gumugupo sa maraming kababayan. Ang bawat kuskos ay pakikipagbuno at tagumpay sa pakikibaka laban sa karukhaan.

Ang kubetang ito ay simbolo ng paglaban naming mag-asawa sa kahirapan at marubdob na hangaring huwag nang ulitin pa ang kasaysayan ng nakakadiring pinagdaanan. Nagtagumpay kami, pero marami pa rin tayong kababayan na walang sariling maayos na palikuran at kailangang harapin ng pamahalaan ni P-NOY kung tunay itong nagsasabing "ang boss ay ang taumbayan." Gustong-gustong kong sabihin sa kaniyang, "Sir, ang kubeta ng mga boss ay dapat ding tutukan."

Marahil sumagi na ito sa kamalayan ng dating MMDA Chair Bayani Fernando nang kaniyang isulong ang rosas na kubeta. Sa halip na makitang parang asong umiihi kung saan-saan ang mga kababayan, nagtayo siya ng mga pampublikong *pink toilet* para sa kalalakihan. Pero dahil walang tubig, umalingasaw naman ang mga cr na ito sa mga daraanan.

## Ang klase ng kubeta ng mamamayan ay sukatan din ng kalagayan ng lipunan

Dahil uso na ngayon ang Facebook, minsan, inilagay ko ang isang lumang larawan ng Tundo sa aking akawnt na may ganitong caption: *"Noong 1930s-40s, pail system pa. Ang tawag sa mga nagtatrabaho sa ganito ay KUBETERO, na sa pagtingin ng iba, ito ang pinakamababang kalagayan o pinakadukha sa mga taga-Tundo at nagtulak sa iba para magsumikap at huwag danasin ng mga anak nila ito."*

Di ko akalaing, makagenereyt ito ng diskurso sa FB! Ganito ang sumunod na sagutan sa *post* na iyon:

Olan Santos, July 6, 2010 11:08 am

> Kubetero? Wala na talagang bababang okupasyon dito. Siguro sa kasalukuyan, yung mga lumulubog sa poso negro pag nagpapasipsip ka ang parallel nito, minus the pails. Keep these historically tidbits coming Nak. Bakit hindi ka magblog?

Paul Cardenas, July 6, 2010 12:19 pm:

> Ayon sa MWSS, hangga ngayon, 30% lang ang may access sa libreng pasipsip ng poso negro sa Maynila, at 70% ang pail system, ilog, kanal system at "pampers" o "flying saucers."

Olan Santos, July 6, 2010 12:28 pm:

> Oo nga po. Parang luxury pa rin ang pasipsip ng poso negro. Maliban sa pampers, uso pa rin ang "flying saucers." Ang klase ng kubeta ng mamamayan ay sukatan din ng kalagayan ng isang lipunan.

Paul Cardenas, July 6, 2010 1:53 pm

> Tama Rolando. Kagaya ng Sunog Apog sa Isla de Balut, ng magkaroon ng settlers sa tabing ilog, ginawang palikuran ang ilog. Ito'y nakikita ko tuwing pumapasok ako sa elementary noong dekada 70. Pero pagdating sa flying saucers ang aking personal na tinutukoy ay ang kapitbahay namin. Edukado at may sariling palikuran, at kami'y nasa isang subdivision. Palagay ko ay disiplina ang kulang sa pamilyang ito at hindi ang antas ng kanyang kabuhayan.

Siempre, sumagot ako, sabi ko, (2:43 PM)

> "Edukado ba yung ganon? Gagawin ba yun ng may sariling toilet? Baka bisyo na yan. Masamang bisyo na nakakaperwisyo. Paano nyo hinahandle sa community yung ganong problema?

Paul, July 6, 2010 11:22 PM

> Nak, baog na ang aming Homeowners Association at nagsawa na akong manita ng tao, winawalis ko na lang …

Noel de Padua July 7, 2010 5:34 am

> Maraming tao ang edukado at edukada pero kapag disiplina sa kapaligiran ay napakalaking bobo.

Lumahok na rin si Dr. Dante Ambrosio ng UP Departmento ng Kasaysayan. July 8, 3:20 pm—

> Nak, malawak ang Tundo lalo na bilang probinsya—Katamanan, Gagalangin, Pritil, Torres ang naiikot ko. Nabanggit na ang pail system—timba, balde. Tingnan mo rin ang mga salitang palikuran—salitang ugat "likod" at mananabe—"tabi." Papel ng ilog. Sa ilog tatabe at doon magtatalikuran (kaunti pa lang ang tao)

Maikling palitan lang ito pero napakalaki ng mga nabungkal na problema ng bayan: ang di-sapat at malinis na sistemang palikuran ay pagmumulan ng maraming sakit. Tama si Olan at Paul, ang klase ng kubeta ay sukatan din ng kalagayan ng lipunan. Problema din ang ugali at gawi tulad ng pinupunto ni Paul at Noel. At may bonus pa si Danteng pangkulturang pinag-ugatan kung bakit ito tinawag na palikuran at mananabe sa isang komunidad na naliligid at pinagdurugtong-dugtong ng sistemang ilog.

Gaano nga ba kalala ang problema natin sa palikuran?

Mahigit kalahati sa populasyon ng Tundo ay iskuwater. Sa unang distrito, 244,324 ang nakarekord na iskuwater dito. Karamihan ay galing sa probinsiya at kung matagal na rito, lubhang dukha. Binubuo ito ng 46,363 pamilya na nakakalat sa 54 na barangay. Samantalang 117,279 iskuwater naman ang nasa ikalawang distrito na binubuo ng 23,908 pamilya at nakakalat sa 57 barangay. Nagsisiksikan sila sa masisikip, sira-sira o tagpi-tagping bahay malapit sa piyer, palengke, riles ng tren, sa gilid ng mga kanal at baybay-dagat, sa tambakan ng basura na mas kilala noong Smokey Mountain. Ngayon, Permanent Housing na ang tawag sa lugar na ito. Nilipat na rin ang bagong tambakan sa dulo ng tinabunang dagat o *reclaimed land* na kung tawagin ay Sityo Damayan o Ulingan, ang lugar kung saan sinusunog ang mga iskrap na kahoy at ginagawang uling. Kanugnog ng Sityo Damayan ang Temporary Housing na tinatawag na Aroma at Helping Complex. Puwedeng ituring na ito naman ngayon ang dating komunidad ng mga taga-Smokey Mountain noon. Siyempre, ang mga ganitong kabahayan ay kulang na kulang o halos walang tubig, kubeta, poso negro, at kanal.

Kahit sa lugar ng Gagalangin, marami pa ring looban o eskinita sa Tundo na walang sariling palikuran. Minsan, lumakad ako sa mga komunidad sa tabi ng tatlong malalaking kanal sa Tundo, ang Estero de Vitas, Estero de Sunog Apog, at ang Canal dela Reina. Mula Gagalangin ay nakarating ako ng Pritil, Vitas, at Balut. Kitang-kita ko kung paano umupong nakatalikod ang mga bata sa ilog at direktang nalalaglag ang dumi sa tubig. Ang sistemang ilog ay isang malaking palikuran para sa kanila!

## May kasaysayang pinagdaanan ang kasalukuyang kalagayan ng palikuran

Ito ang binabanggit ni Dante sa Facebook. Ang palikuran ay galing sa salitang “likod.” Sa ilog kayo ay uupo nang nakatalikod, o magkatalikod para bigyang-daan ang tawag ng kalikasan. Samantalang ang salitang mananabe ay galing sa katagang “tabi.” Tumatabi sa tabi-tabi, kadalasan sa tabi ng ilog o sapa para magbawas. At dahil naliligid tayo ng sistemang ilog, sa mga tabing-ilog masarap magbawas para dito na rin maghugas. Pero sa sinaunang panahon pa ito, sa panahong kakaunti pa ang tao sa isla at hindi pa tinatawag na Pilipinas ang Pilipinas kundi ayon sa dating pangalan ng mga bayan—ang Tundun para sa Tundo, Tambobong para sa Malabon, Butas para sa Navotas, Binundok para sa Binondo, Maalat ang Malate, Dilao ang Paco, Namayan para sa Sta. Ana, Maribago ang Pasay, Palanyag para sa Parañaque. Ang

Taguig ay naroon na gayundin ang Taytay at ang Laguna de Bay ay tinatawag pang Lawa ng Bai noon. Ang Bai ang Ma'i sa mga sinaunang rekord ng mga Tsinong mangangalakal noon sa ating bayan, matagal pa bago dumating ang mga Kastila. Pinagdurugtong-dugtong sila ng sistemang ilog ng Pasig. Sa madaling salita, sinaunang pamayanan pa. O hindi ba? Isang mahabang palikuran sa sistemang ilog ito noon!

Sa Kastila na natin nahalaw ang banyo, mula sa konsepto ng *cuarto de baño.* Gayundin ang kasilyas na galing din sa salitang *Casilla* na nangangahulugan sa kanila ng maliit na kubol, bahay-kalapati, buson, o kuwarto. Ang kubeta ay batay sa *cuveta* ng Espanyol na nangangahulugan sa kanila ng bandeha at mababaw na kahong metal na pinaglalagyan ng mga kagamitan. Malamang may kaugnayan ito sa timbang lata o balde na sumasalo sa dumi ng tao at hinahakot ng mga kubetero sa gabi. Sa mayayamang pamilya, tulad ng makikita sa Casa de Manila sa Intramuros, may kahoy na upuan at inodorong nakasalo. Dalawa ang butas na magkatabi kaya puwede pa raw kayong maglaro ng dama habang umeebak. May malaking bangang sisidlan ng tubig. Magkahiwalay ang liguan sa ebakan kaya mahihinuhang napapanatiling tuyo ang kubeta. Subalit pangmayaman ito at pandayuhan.

Iba ang sitwasyon sa mga karaniwang Filipino. Ayon kay Atty. Delfin Gonzalez na isang taal na taga-Tundo, *pail system* pa ang inabot niya hanggang noong dekada 30. Ibig sabihin, nakatimba ang dumi na hinahakot ng mga kubetero sa gabi, isinasakay sa bangka at dinadala sa tambakan, sa panahong wala pang modernong disposal system. Wala pa ring sistemang gripo sa bawat bahay noon. Ayon kay Atty. Felino Ampil, iisa ang gripo sa Gagalangin sa kaparehong panahon. Nasa harap iyon ng maliit na Visita ng Gagalangin, na mas kilala ngayong Simbahan ng Parokya ni San Jose. Ito ang nagsusuplay ng tubig sa mga residente noon. Binibili, tinitimba, at ikinakariton ng mga tagarito hanggang sa kanilang bahay. Ang kawalan ng sistemang gripo sa bawat bahay ay sinasapo naman ng sistemang poso na nanggagaling sa balon. Ang mga maykayang pamilya ay nagkaroon ng sariling poso habang ang publiko ay pinagsisilbihan din ng posong pangkomunidad. Hindi maaaring ihiwalay ang sistema ng patubig sa palikuran. Ang pag-unlad ng sistemang patubig ay paghakbang din ng sistema ng palikuran.

Sabi ng aking ina, pagkatapos ng giyera, nasa daan ang mga kubeta. Aniya,

> "*nangungubeta kami sa gitna ng Antonio Rivera, Parang kahoy na may butas. Mataas, sasampa ka. Mga dalawang baitang, may 3 ft siguro yun. Tapos sa*

*ilalim balde o timba. Walang tubig. Magpapahid ka lang ng papel … mga dyaryo, tapos sa bahay ka naman maghuhugas. Gawa pa nga namin nun, may dala kaming sigarilyo na mahaba. Nakasupalpal kaming ganyan para hindi mo maamoy kasi mabaho. Siguro mga 5 o 6 ako. Sinusubukan din namin yung nakapasok ang baga sa mga bunganga kasi ginagaya namin ang matatanda pero hindi ko kaya yun. Para lang di namin maamoy. Yung sigarilyong itim ng matatanda, ganun ang ginagamit namin."*

Totoong malayo na ang narating ng sistemang palikuran at patubig kompara sa mga inilalarawan ng mga taal na taga-Tundo mula dekada ’20 hanggang ’40. Wala na ang sistemang paghakot ng mga nakatimbang dumi at maunlad na rin ang sistemang gripo. Subalit malaki pa ang dapat harapin ng pamahalaan sa problemang ito. Kailangan ding mangampanya para iwasto ang masasamang nakaugalian ng mamamayan sa pangungubeta. Naisip ko tuloy, kung may crime czar, magkaroon din sana ng kubeta czar! Walang ibang gagawin kundi magtayo nang magtayo ng kubeta, magpatupad ng mga batas para sa wastong paggamit at pangangalaga, mangampanya nang mangampanya para baguhin ang pag-uugali ng mga kababayan sa larangan ng wastong pangungubeta.

Bandang 1975, ayon sa tala ni Manuel Caoili, sa Tondo Foreshore Area (TFA), ang lugar na tinabunan ang dagat, 40 porsiyento lamang ng kabahayan ang may suplay ng tubig galing sa balon. Ang ibang residente ay bumibili lamang ng baldeng tubig. Ang TFA ang pinakaganap na halimbawa ng masamang pasilidad ng kanal at imburnal. Maraming bahay ang walang palikuran. Sa isang sarbey sa mga pamilyang nasa TFA noong 1975, lumitaw na 53 porsiyento lamang ang may palikuran sa kanilang tahanan; 7 porsiyento ang gumagamit sa pampublikong palikuran at ang iba ay nagbabalot at nagtatapon na lamang ng kanilang dumi sa tambakan ng basura at mga 15 porsiyento nito ay nagtatapon sa mismong dagat. Isa lang sa bawat limang pamilya ang gumagamit ng kubetang may tubig.

## Kasama sa matuwid na daan ang pag-aayos ng mga palikuran

Habang nananaliksik ako tungkol sa kababaihan ng Tundo, isa sa laging idinadaing ang kawalan ng palikuran at ang malungkot at nakahihiyang sitwasyon na nagbabalot pa rin sila hanggang sa kasalukuyan. Ang masangsang na amoy ng komunidad ay sapat nang patotoo sa kalagayan ng palikuran at sanitasyon sa Tundo.

Kulang na kulang hanggang ngayon ang serbisyo ng gobyerno para malutas ang problema sa tubig at maayos na palikuran. Sa Temporary Housing na kanugnog ng bagong tambakan ng basura at katabi ng Look ng Maynila, napakamiserable ng mga palikurang komunal, malayo pa lang ay maaamoy mo na ang napakabahong singaw ng toilet. Ang mga may-ari ng pribadong CR ay pinahihirapan naman ng presyo ng binibiling tubig kaya namroroblema din sa pagmamantina ng kanilang mga kubeta. Ang isang timbang tubig ay nagkakahalaga ng ₱2.50. Nakakakonsumo sila ng ₱15.00 isang araw hindi kasama ang paglalaba. Kung kasama, ₱25.00 isang araw ang gastos nila sa tubig. Sa pinakatipid, humigit-kumulang ₱125.00 ang gastos ng isang pamilyang may 3-4 katao para sa tubig. Marami sa kanila ang hindi naliligo araw-araw para pagkasiyahin ang kaunting kinikita na kulang pang pampagkain.

Sa Permanent Housing o dating Smokey Mountain, na tinayuan na ngayon ng makukulay na *high-rise building* para permanenteng tirahan na ng mga residente doon, suliranin din ang pagmamantene ng kubeta dahil sa mataas na presyo ng tubig. Kaya sa pagitan ng paglilinis ng kubeta at pagkain, mas ilalaan nila ang kita sa huli. Hindi nakapagtatakang amoy-kubeta na sa koridor pa lamang ng mga gusali.

Hindi rin ligtas sa sariling pamumuna ang isa't isa. Una ang problema sa kahirapan, subalit talos din ng mga residente ang sariling kahinaan ng mga tao sa kalinisan at kaligtasan ng lugar na pinaninirahan. Nasusuklam din sila sa kababuyan ng ibang kababayan. Nagdudulot din ng tensiyon sa magkakapitbahay ang kasalaulaan ng ilan pagdating sa palikuran. Pinapansin din nila ang kaburaraan ng ilan. Kung minsan, may elementong mapang-api pa sa mga pangkat-etnikong kinabibilangan, halimbawa, sa pananaw ng mga Tagalog, marumi sa pamamahay ang mga Bisaya. Samantala, nakikita ng mga Bisaya ang kalinisan ng mga Tagalog sa paninirahan, subalit nauuna ang asar dahil umano sa kataasan.

Mas maalaga din ang mga babae sa palikuran kaysa mga lalaki. Palibhasa sa ating lipunan, nakaatang sa balikat ng babae ang paglilinis ng kabahayan. Kaya sa kakulangan ng sapat na serbisyong patubig at pampalikuran, babae ang unang nahaharap, bumabalikat, gumagawa ng mga paraan at pinahihirapan ng di-sapat na serbisyong pampubliko kaugnay ng tubig at palikuran. Sila rin ang matinding hinahambalos ng mataas na presyo ng gamot at serbisyong ospital kung nagkakasakit ang mga kaanak.

Kaya naman, kasama sa sampung pangunahing sanhi ng kamatayan sa mga sanggol sa Tundo ay pulmonya, sepsis, at gastro enteritis; at sa mga matatanda, ay pulmonya, TB, at hika. Samantalang ang mga pangunahing sakit ay impeksiyon sa baga at daluyan ng paghinga, bronkitis, pulmonya, at TB—mga kilalang sakit ng kahirapan—hindi kumakain ng sapat, maruming katawan at kapaligiran, masikip na pamayanan, polusyon ng hangin at tubig, at iba pa.

Kung kubeta ang gagawing pamantayan para sa maunlad na kabuhayan, walang dudang kalahati ng mga taga-Tundo ang nasa ilalim ng guhit nito. Hindi sabay-sabay at hindi kaagad-agad na malulutas ang problema, maaaring wikain ng gobyerno. Subalit kung hindi mapagpasiyang haharapin ay bahagya nga talaga ang iuusad. Isipin na lang, kung ilalagay marahil ang lahat ng salaping dinambong at kinurakot ng mga politiko sa pagpapagawa ng kubeta para sa mga tao, baka di malayong maisalba natin ang mga Filipino sa nakapanlilit na salik sa ating mga pagkatao.

Nakahulagpos na ako sa miserableng kalagayan ng palikuran na dinanas ko noong aking kabataan. Hindi ba akong nahihiyang magkuwento? Nahihiya din. Pero mas mahihiya ako kung hanggang ngayon, gumagamit pa rin ako ng kubetang nakapagpatayo ng aking mga balahibo.

Malaki na rin ang natamo ng bansa sa sistema ng palikuran at dapat lang marahil batiin natin ang mga sarili sa bagay na ito. Subalit kung anuman ang natamo natin sa ngayon, salamin din ito ng katotohanang marami pa tayong dapat gawin para ang mga kababayan natin ay magkaroon ng sarili at disenteng … KUBETA.